NOT FOR SALE

LEADING CHANGE:
MGA GABAY PARA SA KALIKASAN

1

PAGKILALA SA AMING KOMUNIDAD

Mga Layunin

- Makilala ang komunidad at ang halaga nito sa pag-unlad ng mga bata.
- Matukoy ang iba't-ibang suliraning pangkapaligiran at kung paano ito nakakaapekto sa pag-unlad ng mga bata.
- Pahalagahan ang sariling tungkulin at papel sa pag-unlad ng mga bata bilang parte ng komunidad.

ALAMIN NATIN

Mga Suliranin sa Ating Kapaligiran

© 2020 TEACH FOR THE PHILIPPINES, INC. ALL RIGHTS RESERVED.

ALAMIN NATIN

Ayon sa National Sold Waste Management Commission (NSWMC), patuloy ang pagtaas ng bilang ng nakokolektang basura kasabay sa paglobo ng populasyon sa bansa.

Mayroong apat na kinikilalang pinagmulan ang basura sa ating bansa: residential (mga tirahan), commercial (fast food chains, home products), institutional, at industriyal. 57% ng nito ay basura na ginagamit sa kusina, bakuran, mga papel at kardbord, at mga bote.

Plastic pollution ang isa sa pinakamalaking problema sa ating bansa.

Hindi nabubulok ang mga plastic kahit na ito pa ay natapon na sa isang landfill.

Dahil gawa sa petroleum ang plastic, maaaring malason nilto ang lupa at makaapekto sa kalusugan ng mga tao. Ito rin ang isa sa mga dahilan ng paglala ng climate change na lubhang nakakaapekto sa kalikasan.

© 2020 TEACH FOR THE PHILIPPINES, INC. ALL RIGHTS RESERVED.

ALAMIN NATIN

Sa paglipas ng panahon, ang plastic ay nasisira at ang mga pira-piraso nito ay maaaring makain ng mga hayop sa dagat at maging dahilan ng kanilang pagkamatay.

Dahil dito ay nagpasa ang gobyerno ng batas upang maprotektahan ang ating kalikasan at komunidad.

Ang Republic Act of 9003 or The Ecological Solid Waste Management Act of 2000 ay may layuning maprotektahan ang kalusugan ng mga tao at kapaligiran. Sinisigurado nito na ang basura ay maayos na nakokolekta at nalalagay sa tamang mga pasilidad.

© 2020 TEACH FOR THE PHILIPPINES, INC. ALL RIGHTS RESERVED.

ALAMIN NATIN

Maliban sa lumolubong natatambak na basura, malaking problema rin ang pagkakalbo ng mga kagubatan at kadundukan sa ating bansa.



Ayon sa ginawang pag-aaral ng Forest Management Bureau (FMB) ng Department of Environment and Natural Resources inaasahan na mas magiging madalas at malakas ang pag-ulan sa bansa dulot ng climate change. Ang pagdami ng mga puno at pag protekta sa ating mg a kagubatan ay may malaking matutulong upang manatiling ligtas sa mga sakuna. Mahigit 10 milyong ektaryang gubat ang unti-unting nawala simula noong 1960.

Ang pagkakalbo ng mga gubat sa Pilipinas ay dulot ng ilegal na pagputol ng mga puno o pagtotroso. Dahil sa problemang ito, maraming hayop ang nawawalan ng tirahan. Madalas rin mabalitaan ang pagkasira ng mga bahay at pag-agaw buhay ng mga tao dahil sa mga landslide. Ang pagputol ng mga puno ay mapaminsala din sa mga watershed o dam kung saan nanggagaling ang tubig na ginagamit sa mga pataniman at mga bahay.

© 2020 TEACH FOR THE PHILIPPINES, INC. ALL RIGHTS RESERVED.

TALAKAYIN NATIN

Ngayong nakita mo na ang iba't-ibang suliranin na may kinalaman sa ating kalikasan, sagutin ang mga tanong na ito:

1. Ano ang mga napansin mo sa mga larawan?

2. Ano-ano ang mga dahilan kung bakit may ganitong mga nangyayari?

3. Paano ito nakakaepekto sa komunidad? Sa ating anak?

© 2020 TEACH FOR THE PHILIPPINES, INC. ALL RIGHTS RESERVED.

GAWIN NATIN

Subukang tukuyin ang mga epekto ng binigay na suliraning pangkalikasan sa mga tao, hayop, at komunidad. Isulat ang iyong mga sagot sa bawat kahon.

Ang Pagkalbo ng Kagubatan

Epekto sa mga Tao

Epekto sa mga Hayop

Epekto sa Komunidad

© 2020 TEACH FOR THE PHILIPPINES, INC. ALL RIGHTS RESERVED.

GAWIN NATIN

Problem Tree

Pumili ng iba pang problema sa kalikasan na nararanasan mo sa inyong komunidad. Ilagay ito sa kahon na nasa katawan ng puno. Mag-isip ng mga posibleng dahilan nito at isulat ito sa mga kahon na nasa ugat. Isulat naman sa mga kahon na nasa dahon ang mga posibleng epekto nito. Maaring magdagdag ng kahon kung kinakailangan.



© 2020 TEACH FOR THE PHILIPPINES, INC. ALL RIGHTS RESERVED.

PAG-USAPAN NATIN

Ngayong nasubukan mo nang tukuyin ang mga suliranin na may kinalaman sa inyong kapaligiran, subukan mong sagutin ang mga tanong na ito:

1. Naging madali ba ang pag-a-analisa ng problemang kinakaharap ninyo sa inyong kapaligiran? Bakit? Bakit hindi?



2. Bakit at paano tayo naaapektuhan tuwing apektado ang ating komunidad ng mga suliraning may kinalaman sa kalikasan?

3. Paano kaya makakatulong ang ating komunidad para maiwasan ang problema sa kalikasan?

© 2020 TEACH FOR THE PHILIPPINES, INC. ALL RIGHTS RESERVED.

SUBUKIN NATIN

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa mga sitwasyon ang pwedeng gawin upang maiwasan ang mga suliraning pangkalikasan?

A. Binalot ni Mang Juan ang kanilang basura sa plastic at tinapon sa ilog upang maging malinis ang kanilang bahay.
B. Nilagay ni Aling Nimfa ang tira nilang pagkain at mga balat ng prutas sa kanilang compost pit.
C. Tinipon ni Aling Cely ang mga tuyong dahon at maliliit na kahoy na kumakalat sa kalsada at sinunog.
D. Pumunta si Mang Nestor sa bukid kasama ang kanyang anak upang turuan siyang magputol ng puno at gawing uling.

2. Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang HINDI dapat gawin sa mga basurang nasa bahay?

A. Bilang isang plantita, naisipan ni Aling Nimfa na linisin ang mga boteng plastic at gawing lagayan ng kanyang mga tanim.
B. Ang kahon ng sapatos ni Jose ay ginawang lagayan ni Aling Cely ng mga gamit niya sa paaralan.
C. Matapos kumain, tinapon ni Mang Juan ang tirang pagkain sa kanal para manatiling malinis ang kanilang kusina.
D. Tinuruan ni Aling Ann ang kanyang anak kung paano gumawa ng unan gamit ang mga plastic na nakatambak sa kanilang bahay.

© 2020 TEACH FOR THE PHILIPPINES, INC. ALL RIGHTS RESERVED.

SUBUKIN NATIN

3. **Paano natin maisusulong ang pangangalaga sa kalikasan sa ating bahay ngayong panahon ng pandemya?**

A. Pagpapakita sa mga anak o kasama sa bahay ng tamang paghihiwalay ng mga basura.
B. Pagtapon ng inyong basura sa bakuran ng kabilang bahay.
C. Pagdilig sa mga halaman gamit ang masabong binanlaw na tubig upang maging malinis ang kanilang lagayan.
D. Pagtipon ng lumang face mask sa loob ng plastic at itatapon sa bakanteng lote malapit sa bahay.

© 2020 TEACH FOR THE PHILIPPINES, INC. ALL RIGHTS RESERVED.

SUBUKIN NATIN

Subukang tukuyin ang mga epekto ng binigay na suliraning pangkalikasan sa mga tao, hayop, at komunidad. Isulat ang iyong mga sagot sa bawat kahon.

Ang Pagkalbo ng Kagubatan

Epekto sa mga Tao

Epekto sa mga Hayop

Epekto sa Komunidad

© 2020 TEACH FOR THE PHILIPPINES, INC. ALL RIGHTS RESERVED.

2

SAMA SAMA, KAYANG-KAYA!

Mga Layunin

- Makilala ang iba't-ibang halimbawa ng mga proyekto at komunidad na tumugon sa mga suliraning may kinalaman sa kapaligiran.
- Makalikha ng isang aksyong pangkomunidad upang maprotektahan ang kapaligiran at mga bata.
- Matukoy ang sariling tungkulin at papel sa pagpapanatili ng kalinisan sa komunidad.

ALAMIN NATIN

Mga Kampeon ng Kalikasan

Kilalalnin natin ang iba't ibang mga proyekto na ginawa ng ilang komunidad o mga grupo upang maligtas o maprotektahan ang kalikasan at matulungan ang komunidad.

Photo From: Erick Villarin Youtube Channel

Project: Bunga

Ang Community-Based Forest Management ng Brgy. Iba, San Jose, Tarlac ay tulong ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) sa San Pedro Upland Farmers' Association. Ito ay may layunin na protektahan ang kabundukan at magbigay kabuhayan sa mga magsasaka.

© 2020 TEACH FOR THE PHILIPPINES, INC. ALL RIGHTS RESERVED.

ALAMIN NATIN

Sa tulong ng mga barangay officials at volunteers, naturuan ang mga residente ng barangay ng tamang pag-segregate at pagtapon ng basura.

Nagsagawa ang DENR ng mga seminar at workshop upang pagtibayin ang asosayon ng sa San Pedro. Kasama dito ang pagpupulong ng mga magsasaka upang mag-isip ng epektibong paraan upang matulungan ang kagubatan at ang kanilang mga pamilya. Nagkakaroon sila ng tree planting. Ang mga punong natanim ang nagiging kuhanan nila ng pangkabuhayan. Nagtanim sila ng mga bungang kahoy; Ang mga bunga ay kanilang binibenta upang magkapuhunan. Dahil dito nabawasan ang pag-uuling sa lugar. Marami din sa mga residente ang natutong magtanim at ginawang puhunan ang pagtanim ng mga punla.

Dahil sa aktibong pakikilahok, pag-oorganisa ng samahan, kaalamang pinansyal, epektibong pamamahala, at regular na pagdagdag ng kaalam at kakayahan, patuloy na umuunlad ang Bunga sa Brgy. Iba.

© 2020 TEACH FOR THE PHILIPPINES, INC. ALL RIGHTS RESERVED.

ALAMIN NATIN

Photo From: ABS-CBN News Youtube Channel

Zero-Waste School

Ito ay programa sa Holy Spirit Elementary School sa Quezon City. Layunin ng programa na mabawasan ang tinatapon nilang basura sa pamamagitan ng zero-waste activities.

Ang paaralan ay may urban farming kung saan tinuturuan nila ang mga mag-aaral kung paano mananim. Nagtuturo din sila ng tamang paghihiwalay at pagbawas ng basura kung saan ang ibang basura ay ginagamit ulit bilang dekorasyon sa paaralan. Meron din silang mga compost pit kung saan tinatapon ng mga bata ang kanilang mga tira-tirang pagkain upang gawing pataba sa kanilang taniman.

© 2020 TEACH FOR THE PHILIPPINES, INC. ALL RIGHTS RESERVED.

ALAMIN NATIN

Photo From: ASAP Movement Facebook Page

ASAP (Alayún sa Pagtinlo) Movement

Ilsang school-base na proyekto na nagbibigay ng workshop tungkol sa pangangalaga ng kalikasan, proper waste disposal

Nais ng proyekto na mabagahi sa mga mag-aaral ang mga dapat gawin pang mapangalagaan ang kalikasan. Nais din ng proyekto na makaisip ang mga kasapi ng iba't ibang mga gawain upang mas mainganyo ang iba na pangalagaan ang kalikasan.

Ilan lamang ang mga proyektong ito na nagpapatunay na may kakayahan ang isang komunidad na gumawa ng mga aksyon para sa mga suliraning mat kinalaman sa kapaligiran na kinakaharap nila. At ito ay dahil sa sama-samang pagtutulungan ng mga miyembro ng komunidad.

© 2020 TEACH FOR THE PHILIPPINES, INC. ALL RIGHTS RESERVED.

TALAKAYIN NATIN

Ngayong nakilala mo na ang ilan sa mga komunidad na naglunsad ng mga proyekto na may kinalaman sa mga pagsubok na kinakaharap nila sa kapaligiran, sagutin ang mga tanong na ito:

1. Ano ang masasabi mo sa mga proyektong ito?

2. Ano-ano ang natutunan mo sa mga ibinigay proyekto o gawain para mapangalagaan ang ating kalikasan?

3. Alin sa mga ideyang ito ang sa tingin mo ang kayang gawin ng inyong komunidad?

4. Sa paanong paraan kaya pwedeng gawin ito ng inyong samahan?

© 2020 TEACH FOR THE PHILIPPINES, INC. ALL RIGHTS RESERVED.

GAWIN NATIN

4-2-1 Challenge

I. Gumuhit o maglista ng 4 na out of this world ideas upang masolusyonan ang napiling suliranin na may kinalaman sa kalikasan at kapaligiran. Mag-isip ng mga kakaibang ideya nang hindi muna isinasaalang-alang ang pondo, lakas, oras, teknolohiya at iba pang kailangan



TANDAAN: Imagination mo ang limit! Mas maraming ideya, mas maraming pagpipilian! Hindi kailangang perpekto o praktikal ang mga ideya para sa bahaging ito!

© 2020 TEACH FOR THE PHILIPPINES, INC. ALL RIGHTS RESERVED.

GAWIN NATIN

4-2-1 Challenge

II. Gumuhit o maglista ng 2 ideya na maaaring lumutas sa napiling problema. Maaari kang maghalo-halo ng mga ideya mula sa iyong 4 out-of-this-world ideas kanina. Sa puntong ito, pag-isipan na kung ano ang kaya mong gawin habang nananatili sa loob ng iyong bahay.

III. Pumili ng isang ideya na gagawan mo ng poster. Ang magiging output mo ay ibabahagi mo sa iyong kapamilya at mga kapwa ka-Gabay. Sa iyong pagbabahagi, magsama ng mga karagdagang detalye tungkol sa iyong napiling ideya tulad ng mga sumusunod:

- Ano ang suliraning nais solusyonan at sino ang nais tulungan?
- Ano ang mga materyales na kailangan?
- Sino ang mga tutulong sa'yo para magawa mo ito?
- Paano mo ito magagawa?
- Kailan mo ito gagawin?

© 2020 TEACH FOR THE PHILIPPINES, INC. ALL RIGHTS RESERVED.

GAWIN NATIN

4-2-1 Challenge Poster

© 2020 TEACH FOR THE PHILIPPINES, INC. ALL RIGHTS RESERVED.

PAG-USAPAN NATIN

Ngayong nakapag-isip ka na ng mga ideya na maaaring makatulong sa paglutas ng problemang kinakaharap tungkol sa kalikasan at kapaligiran, subukan mong sagutin ang mga tanong na ito:

1. Naging madali ba ang pag-iisip ng iba't-ibang ideya? Bakit? Bakit Hindi?



2. Anu-ano sa palagay mo ang dapat gawin upang magawa ang ninanais niyong solusyon para sa komunidad/kalikasan?

3. Sa paanong paraan nakakatulong ang komunidad sa pangangalaga ng kalikasan? Sa kalusugan ng inyong anak?

© 2020 TEACH FOR THE PHILIPPINES, INC. ALL RIGHTS RESERVED.

SUBUKIN NATIN

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa mga sumusunod ang maaaring gawin upang maisagawa nang maayos ang proyektong pangkalikasan?

A. Sabihin sa mga kasama na ang iyong ideya ang pinakamaganda at kaya niyo itong magawa sa loob ng dalawang linggo.
B. Makibahagi sa pagbibigay ng posibleng gawain upang malutas ang suliraning pangkalikasan sa inyong barangay.
C. Pumunta sa barangay at sisihin ang mga opisyal na walang ginagawa sa lumalalang problema sa komunidad.
D. Ipagkalat sa ibang mga tao ang maling pagtapon ng basura ng inyong kapitbahay upang tumigil na sila.

2. Alin sa mga sumusunod and HINDI naidudulot ng pakikisama sa barangay upang mapangalagaan ang kalikasan?

A. Nawawala ang takot ng mga residente na baka bumaha sa kanilang lugar tuwing malakas ang ulan.
B. Komportableng nakakapahinga ang mga tao sa kanilang bahay dahil sa sariwang hangin at magandang panahon.
C. Walang takot na tinatapon ng mga bata ang supot ng kanilang pagkain sa kalye dahil may naglilinis naman tuwing umaga.
D. Naniniwala ang mga magulang na mananatiling ligtas ang kanilang mga anak kapag inaalagaan ang kalikasan.

© 2020 TEACH FOR THE PHILIPPINES, INC. ALL RIGHTS RESERVED.

SUBUKIN NATIN

3. Alin sa mga sumusunod ang tamang komunikasyon upang malutas ang suliraning pangkapaligiran sa barangay?

A. “Ang maganda po siguro ay pag-usapan muna natin
kung ano ba ang dapat unahin para sa proyekto.”
B. “Nandiyan naman ang mga kagawad. Sila na ang bahala mag-isip ng pwede natin gawin para sa proyekto.”
C. “Hindi natin kaya gawin ‘yan. Ginawa na ‘yan dati pero paulit-ulit lang din naman ang nangyayari.”
D. “ Kami na lang ang gagawa ng proyekto para sa barangay, basta pondohan niyo lang kami.”

© 2020 TEACH FOR THE PHILIPPINES, INC. ALL RIGHTS RESERVED.

GABAY SA GABAY WORKSHOP

This module was developed through the support of:

Coca-Cola Foundation Philippines

Forest Foundation Philippines
Let's grow together.

Teach for the Philippines, Inc.
Unit 201 Asia Tower Condominium Benavidez cor. Paseo de Roxas Sts., Makati City, Philippines 1229
+63 2 8808-8337
www.teachforthephilippines.com

For questions, suggestions, and other concerns, email us at **bbp@teachforthephilippines.org.**

DISCLAIMER: The information contained in this document is confidential, privileged, and only for the information of the intended recipient and may not be used, published, or redistributed without the prior consent of Teach for the Philippines, Inc